INTERCEDE

CCF MIDYEAR PRAYER & FASTING

TAGLISH

# restoration



from brokenness to wholeness

ccf

# mensahe mula sa ating senior pastor

Sa kamangha-manghang biyaya ng Diyos, tayo ay nasa kalagitnaan na muli ng ating panahon ng Panalangin at Pag-aayuno. Mapanghamon ang mga panahong ito hindi lamang para sa ating minamahal na bansa kundi para sa buong mundo. Ngunit ang Diyos ay hindi kailanman nagugulat sapagkat Siya ay nakaupo sa Kanyang trono at may ganap na kontrol sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap.

Ang tema ng ating mid-year Prayer and Fasting ay: **RESTORATION: From Brokenness to Wholeness.** Gaya ng sinasabi sa Joel 2:25: “At isasauli Ko sa inyo ang mga taong nilamon ng balang…” Ang pagpapanumbalik ay pangako ng Diyos!

Habang tayo ay sama-samang nananalangin at nag-aayuno, dalangin ko na bilang simbahan at bilang mga indibidwal ay maranasan natin ang kapangyarihan ng Diyos na magpanumbalik — ang parehong kapangyarihang bumuhay kay Jesus mula sa mga patay — at nawa'y ito ang mag-udyok sa atin na sundin ang Kanyang utos na gumawa ng mga alagad sa lahat ng bansa.

Kay Cristo,

**Dr. Peter Tan-Chi**
Senior Pastor, Christ's Commission Fellowship



# mga nilalaman



## GUIDE


| | |
|---|---|
| Ano ang panalangin? Ano ang pag-aayuno? | 5 |
| Bakit tayo dapat mag-ayuno? | 6 |
| Iba't ibang uri ng pag-aayuno | 7 |
| Simula at pagwawakas ng pag-aayuno | 9 |
| Pag-iingat | 9 |
| Mga mungkahi sa panalangin: C-A-S-T | 11 |


## DEVOTIONS


| | |
|---|---|
| Day 1: Ang mga Bansa | 13 |
| Day 2: Ang Simbahan | 21 |
| Day 3: Paghilom | 29 |
| Day 4: Ganap na Tagumpay | 37 |

LORD'S SUPPER GUIDE 45

PRAYER LIST 47

# sama-sama tayong mag-ayuno at magdasal!

Tunay na makapangyarihan at puno ng kagalakan ang Prayer and Fasting weeks natin tuwing simula at kalagitnaan ng taon upang higit na lumalim ang ating tiwala sa Panginoon at muling iayon ang ating mga puso sa Kanyang banal na kalooban.

Sa ating sama-samang pagdarasal at pag-aayuno mula Miyerkules hanggang Sabado, dumulog tayo sa Panginoon ng may pananampalataya, pagpapakumbaba at pag-asa - buo ang tiwala sa Kanyang kamangha-manghang sagot at pagkilos.

Ang pagpapanumbalik ay magandang gawain ng Diyos na nagdadala sa atin mula sa pagkawasak tungo sa kabuuan. Nagsisimula ito sa mapagpakumbabang puso, tunay na pagsisisi, at ganap na pagsuko sa Kanya.

Inaanyayahan namin kayong maging bahagi ng ating Midyear Prayer and Fasting:

**RESTORATION: From Brokenness to Wholeness**

Lumapit nang may pananampalataya at pagsuko! Handa Siyang magpanumbalik!



## ano ang panalangin?

Ang pananalangin ay ang pakikipagusap, pakikipagniig sa Diyos, at ang pakikinig sa Kanya upang maisang-ayon ang ating sarili sa kalooban ng Diyos. Lumalapit tayo sa Diyos sa pangalan ni Jesus, ayon sa Kanyang salita (ang Bibliya) at sa paggabay ng Banal na Espiritu. Sa tuwing tayo'y mananalangin, ibinubuhos natin ang ating puso sa pagpapasalamat sa ating Ama sa langit. Ipinapahayag natin sa Kanya ang ating pangangailangan at ang pangangailangan ng iba, at hinihiling natin na maghari ang Kanyang kaharian at matupad ang Kanyang kalooban sa ating mga buhay. (Mateo 6:9-13; 1; Juan 5:14-15; Juan 16:23-24; Judas 20).

## ano ang pag-aayuno?

Ang pag-aayuno ay ang kusang-loob na pag-iwas sa pagkain sa loob ng itinakdang panahon upang ipakita ang pagsisisi at pagtalikod sa kasalanan, taimtim na hanapin ang kalooban ng Diyos, at magkaroon ng mas malalim na ugnayan sa Kanya sa pamamagitan ng pagbabasa ng Kanyang Salita at pananalangin. Ang pagtatanggal ng isang bagay na mahalaga gaya ng pagkain ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong ipakita kung gaano tayo kaseryoso at kadeterminado na i-ayon ang ating puso sa puso ng Diyos, na may pagpapakumbabang humingi ng Kanyang kasagutan sa ating mga tanong, Kanyang probisyon sa ating pangangailangan, at Kanyang kapangyarihan para sa mga espiritwal na tagumpay.

Habang ang mga Kristiyano sa kasalukuyan ay maari ring umiwas mula sa ibang bagay tulad ng libangan, palakasan, at social media, ang pag-iwas sa pagkain ang karaniwang ipinapakita sa Bibliya, dahil maari tayong mabuhay nang matagal nang wala ang maraming bagay, ngunit hindi tayo mabubuhay nang walang pagkain. Sa pamamagitan ng pag-aayuno, ipinapakita natin na pinipili natin ang Diyos at ang Kanyang kaluguran higit sa anumang bagay na nagbibigay-buhay sa ating katawan. (Nehemias 1:4, 9:1; Ester 4:3; Daniel 9:3; Joel 2:12; Mateo 6:16-18; Mga Gawa 13:2; Isaias 58).



## bakit tayo dapat mag-ayuno?

### INAASAHAN NG DIYOS NA TAYO AY MAG-AYUNO.

> *Kapag kayo'y nag-aayuno, huwag kayong magmukhang malungkot tulad ng mga mapagkunwari. Hindi sila nag-aayos ng sarili upang mapansin ng mga tao na sila'y nag-aayuno. Tandaan ninyo: tinanggap na nila ang kanilang gantimpala. Sa halip, kapag nag-aayuno ka, maghilamos ka, lagyan mo ng langis at ayusin mo ang iyong buhok*
>
> – Mateo 6:16-17

Sinabi ni Jesus na “sa tuwing nag-aayuno ka”, hindi “kung mag-aayuno ka”. Nangangahulugan ito na ang pag-aayuno, tulad ng panalangin, ay hindi isang mungkahi. Ang pag-aayuno ay bahagi ng buhay Kristiyano.

### NAG-AYUNO SI JESUS.

> *Siya'y nag-ayuno sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi kaya't siya'y nagutom.*
>
> – Mateo 4:2

Bago ang pag mimiministeryo ni Jesus, nag-ayuno Siya nang apatnapung araw. Alam Niyang kailangan Niya ng espirituwal na lakas upang matupad ang Kanyang layunin sa mundo. Sa pagaayuno ang ating pisikal na pangangatawan ay nagiging mahina, ang ating espirituwal na buhay ay lumalakas at tayo’y mas nagiging handa upang tuparin ang gawain ng Diyos.

### NAG-AYUNO ANG MGA UNANG MANANAMPALATAYA.

> *Pagkatapos nilang mag-ayuno at manalangin, ipinatong nila sa dalawa ang kanilang mga kamay at sila'y pinahayo na.*
>
> – Gawa 13:3 (tingnan din ang Gawa 14:23)

Ang Simbahan ay nag-ayuno para kay Saul (Paul) at Bernabe. Nang maglaon, si Paul at Bernabe ay nagtalaga ng mga mamumuno sa iba’t ibang mga simbahan, nag-aayuno at nagdarasal bago itinalaga sa Panginoon ang mga pinuno.

### ANG PAG-AAYUNO AY NAGPAPAKITA NG PAGPAPAKUMBABA SA HARAP NG DIYOS.

> *Kapag sila'y may sakit, ang ginagawa ko, nagdaramit-luksa at nag-aayuno; at nananalangin na yuko ang ulo.*
>
> – Mga Awit 35:13 (Tingnan din ang 1 Hari 21:27-29; Esdras 8:21)

Ang pagpapakumbaba ay nagpapahintulot na maranasan natin ang biyaya ng Diyos. Kapag nagpakumbaba tayo sa panalangin at tumalikod sa ating masasamang pamamaraan, ipinangako ng Diyos na tayo ay Kanyang pakikinggan at tutugunan Niya tayo ayon sa Kanyang kalooban.



## SA PAG-AAYUNO TAYO AY NAGIGING SENSITIBO SA PAMUMUNO NG BANAL NA ESPIRITU.

> *Mula sa Jordan, bumalik si Jesus na puspos ng Espiritu Santo. Dinala siya ng Espiritu sa ilang 2 at sa loob ng apatnapung araw ay tinukso siya ng diyablo. Hindi siya kumain ng anuman sa buong panahong iyon, kaya't siya'y nagutom.*
> – Lucas 4:1-2 (tingnan din ang Mga Gawa 13:2, Mateo 17:21, Marcos 9:29)

Madali tayong makalimot sa ating prayoridad. Ang pag-aayuno ay isang paalala na ang Diyos ang nauuna sa ating mga pangangailangan. Idinudulog natin sa Kanya ang ating mga inaalala dahil Siya naman ang may kakayahang gumawa ng mga kamangha-manghang gawa na magbibigay sa Kanya ng kaluwalhatian.

## ANG PAG-AAYUNO AY NAGSASARIWA NG ATING ESPIRITUWAL NA BUHAY, PANSARILI MAN O PAMBANSA.

> *ngunit kung ang bayang ito na nagtataglay ng aking karangalan ay magpakumbaba, manalangin, hanapin ako at talikuran ang kanilang kasamaan, papakinggan ko sila mula sa langit. Patatawarin ko sila sa kanilang mga kasalanan at muli kong pasasaganain ang kanilang lupain.*
> – 2 Cronica 7:14

> *Dahil dito, buong taimtim akong nanalangin at nakiusap sa Panginoong Diyos. Nag-ayuno ako, nagsuot ng damitpanluksa at naupo sa abo.*
> – Daniel 9:3

Ang pag-aayuno ay nagbibigay buhay sa bawa't isa at sa bayan. Ito rin ay nagdudulot ng kagalingan, pagbabago at paghahanda para sa mga bagay na dakila sa kaharian ng Diyos.

## ANG PAG-AAYUNO AY MABUTI PARA SA ATING KALUSUGAN.

Ang pag-aayuno ay mabuti sa ating pisikal na kalagayan. Nililinis nito ang ating sistema sa mga toxin sa katawan. Sa pangkalahatan, naglilinis ito ng kaisipan at nagdudulot ng mabuting kalusugan. Maging ang mga kulang sa timbang ay nakitaan ng kabutihan sa pangangatawan dahil sa pag-ayuno at panalangin. Maraming mga guro ng Bibliya ang nagsasabi na ang tatlong araw na pag-aayuno ay mabuti sa kalinisan ng espiritu at kalayaan sa mga masamang bisyo.

(mula sa *"What Does the Bible Say About Fasting?"*,
Christ Unlimited Ministries, www.bible.com)

# iba't-ibang uri ng pag-ayuno

Marahil ay kasing dami ng paraan ng pag-aayuno ang mga paraan ng pananalangin, ngunit ang apat na ideyang ito ay magandang panimula

## NORMAL NA PAG-AAYUNO

Sa isang normal na pag-aayuno, ang isang tao ay walang pagkain sa loob ng itinakdang panahon. Ang pag-inom ng tubig ay kailangan. Ang matinding pag-iingat ay kinakailangan para sa mga mahabang pag-aayuno (higit sa isang linggo), lalo na't kung may mga medikal na kondisyon. Mabuting kumunsulta sa doktor kung nagpa-plano kang mag-ayuno nang mahabang panahon.

## BAHAGYANG PAG-AAYUNO

Sa bahagyang pag-aayuno, ang isang tao ay kumakain lamang ng ilang mga uri ng pagkain sa loob ng partikular na panahon, o kaya naman ay may isa o dalawang pagkain lamang sa isang araw. Sa Bibliya, sina Daniel at Juan Bautista ay nagpapanatili ng isang diyeta sa kanilang pag-aayuno. Ang mangangaral ng ika-18 siglo na si John Wesley ay may tinapay at tubig lamang sa maraming araw bilang kanyang pag-aayuno.

## JUICE FAST

Ito ay isang bahagyang pag-aayuno na sa halip na kumain ay umiinom lamang ng juice.

## IBA PANG PAG-AAYUNO

Ito ay pag-aayuno mula sa mga bagay na ginagamit o ginagawa, maliban sa pagkain. Ang mga halimbawa nito ay panonood ng telebisyon, pag-gamit ng social media, o pag-gamit ng computer liban sa trabaho o pag-aaral. Ang susi dito ay ang palitan ang oras na ginugol sa aktibidad na iyon ng oras na nakatuon sa Panginoon. Para sa mga mag-asawa, ito ay maaaring mangahulugan ng pag-iwas sa pisikal na pagpapalagayang-loob upang tumutok sa panalangin (1 Mga Taga-Corinto 7:5)

# simula at pagwawakas ng pag-ayuno

Mahalaga ang paghahanda sa pag-aayuno at ang marahan na pagtatapos nito. Sa paghahanda, bawasan paunti-unti ang pagkain at pag-inom ng mga may caffeine (kape, tsaa, softdrinks) bago mag-ayuno. Mas mahalaga pa rito, manalangin nang maaga upang mapanatili kang malakas sa pisikal, mental, at espirituwal sa iyong pag-aayuno para sa Diyos. Sa pagtatapos ng pag-aayuno, huwag agad bumalik sa iyong normal na pagkain. Mabuting simulan muna sa malambot na pagkain at sa katamtamang dami hanggang sa bumalik ang normal na pagtunaw ng pagkain.



# pag-iingat

Habang may mga pakinabang sa pag-aayuno, ang ilan ay hindi dapat mag-ayuno nang walang pagkokonsultang medikal.

Halimbawa:

- Ang mga taong masyadong payat
- Ang mga taong mabilis mag-develop ng eating disorders
- Ang mga mabilis manghina o may anemia
- Ang mga taong nasuri na may ilang mga karamdaman na nangangailangan ng patuloy na nutrisyon
- Mga buntis at nagpapasuso ng sanggol
- Ang mga taong umiinom ng iniresetang gamot

**KUMUNSULTA SA IYONG DOKTOR BAGO MO SIMULAN ANG IYONG PAG-AAYUNO.** Tandaan na may mga doktor na maaaring walang kasanayan sa pag-aayuno, kaya't maaari kayong pigilan sa bagay na ito.

# manalangin at mag-ayuno kasama ang inyong mga anak

I-download ang NXTGEN Prayer & Fasting Booklet para sa mga pamilya na may mga batang edad 7 hanggang 12

**go.ccf.org.ph/IntercedeKids**

NXTGEN




# mga mungkahi sa pananalangin

Habang binabasa natin ang mga talata sa Bibliya sa darating/sumusunod na araw, pag-aralan natin na gamitin sa panalangin ang Salita ng Diyos gamit ang balangkas sa ibaba:

**CONFESSION (PAG-AMIN)**
Hingin sa Banal na Espiritu na ipakita ang anumang bagay na hindi kanais-nais sa Kanya. Aminin ng may pagpapakumbaba ang lahat ng kasalanan, at tanggapin ang awa ng Diyos. Humingi ng kapatawaran kahit para sa mga kasalanang hind mo namalayan na iyong nagawa.

**ADORATION (PAGSAMBA)**
Maglaan ng oras upang personal na purihin ang Panginoon para sa kung sino Siya at sa mga ginawa Niya. Purihin Siya para sa Kanyang mga katangian – lubos na makapangyarihan, walang hanggan, tapat, at marami pang iba. Kilalanin at ipagpasalamat ang Kanyang presensya sa iyong buhay.

**SUPPLICATION (PAGSUSUMAMO)**
Itaas ang iyong mga pangangailangan at pakiusap sa Panginoon. Ipagkatiwala sa Kanya ang iyong mga alalahanin sapagkat Siya ay nagmamalasakit sa iyo. Maaari mong ipagdasal ang mundo, simbahan, iyong komunidad, pamilya, mga relasyon, at mga personal na petisyon.

**THANKSGIVING (PASASALAMAT)**
Magpasalamat sa Diyos para sa Kanyang marami, iba-iba, at partikular na mga pagpapala sa iyong buhay. Humingi ng pusong mapagpasalamat at kuntento sa lahat ng bagay. Magpasalamat sa Kanya ng may pananampalataya hindi lamang para sa pakikinig sa iyong mga dasal Kundi para sa Kanyang mga magiging sagot sa mga ito.



# devotions

Ibabalik ko ang lahat ng nawala sa inyo
nang pinsalain ng katakut-takot na balang ang inyong mga pananim.
Ako ang nagpadala ng hukbong ito laban sa inyo.

**Joel 2:25**



# ang mga bansa

## DAY 1

## basahin

JOEL 2:11-14; 23-27

11 Parang kulog ang tinig ni Yahweh, kung mag-utos sa kanyang hukbo. Ang mga
pangkat na tumatalima sa kanya ay marami at malalakas. Nakakapangilabot
ang araw ni Yahweh! Sino ang makakatagal dito? 12 "Gayunman," sabi ni Yahweh,
"mataimtim kayong magsisi at manumbalik sa akin; mag-ayuno kayo, manangis
at magdalamhati. 13 Magsisi kayo nang taos sa puso, at hindi pakitang-tao
lamang." Magbalik-loob kayo kay Yahweh na inyong Diyos! Siya'y mahabagin
at mapagmahal, hindi madaling magalit at wagas ang pag-ibig; laging handang
magpatawad at hindi nagpaparusa sa nagsisisi. 14 Maaaring lingapin kayong
muli ni Yahweh na inyong Diyos at bigyan kayo ng masaganang ani. Kung
magkagayon, mahahandugan ninyo siya ng handog na pagkaing butil at alak.

23 "Magalak kayo, mga taga-Zion! Matuwa kayo dahil sa ginawa ni Yahweh na
inyong Diyos. Pinaulan niya nang sapat sa taglagas, at gayundin sa taglamig;
tulad ng dati, uulan din sa tagsibol. 24 Mapupuno ng ani ang mga giikan; aapaw
ang alak at langis sa mga pisaan. 25 Ibabalik ko ang lahat ng nawala sa inyo
nang pinsalain ng katakut-takot na balang ang inyong mga pananim Ako ang
nagpadala ng hukbong ito laban sa inyo. 26 Magkakaroon kayo ngayon ng
saganang pagkain at kayo'y mabubusog. Pupurihin ninyo si Yahweh na inyong
Diyos, na gumawa ng mga kahanga-hangang bagay para sa inyo. Hindi na
muli pang kukutyain ang aking bayan. 27 Kaya nga malalaman ninyo na ako'y
sumasainyo at akong si Yahweh lamang ang inyong Diyos. Hindi na muling
hahamakin ang aking bayan.

**Mga Pangunahing Talata:**
Joel 2:11-14; 23-27

Binibigyan ng propetang si Joel ang bansang Israel ng paanyaya ng Diyos na magbalik-loob sa Kanya nang buong puso na may kasamang pag-aayuno, pag-iyak, at pagluluksa. Pinaalalahanan din ang mga tao kung sino ang Diyos (maawain, mapagpatawad, hindi madaling magalit, atbp.) Ang pangako ng restoration ay ibinigay sa vv. 25-26 (ibabalik ang mga taong kinain ng mga balang) para ang Diyos ay purihin at makilala ng Kanyang mga tao at ng buong bansa.



# pagnilayan ito

1. Ano ang partikular na mensahe ng Diyos sa bansang Israel sa vv.12-13a?
2. Paano pinalalakas ng propetang si Joel ang loob ng mga tao na magbago o magsisi sa vv.13b-24? Paano inilarawan ang Diyos sa mga talatang ito?
3. Ano ang ipinangako ng Diyos na gagawin Niya para sa mga nagbabalik-loob sa Kanya nang buong puso sa vv.25-26a? Para sa anong layunin (vv.26b-27)?



MGA TALA

# ipamuhay ito

Ang gulo sa Middle East ay nagpapaalala sa atin na kailangang-kailangan ng mga bansa sa mundo ang Prinsipe ng Kapayapaan—si Jesus. Ang landas ng Diyos tungo sa totoong kapayapaan ay sa pamamagitan ng pagsisisi (repentance), para magkaayos tayo sa Kanya sa pamamagitan ni Jesus. Ang restoration ng Diyos ay naghihintay para sa lahat ng mga nagbabalik-loob sa Kanya nang buong puso. Nagre-restore Siya para matupad ang Kanyang layunin—ito ay ang malaman ng mga tao na Siya lang ang iisang totoong Diyos, at Siya ay sumasaatin.

1. Ilista ang tatlong pangunahing issues na alam mong kinakaharap ng bansa natin ngayon. Ngayon naman, maglista ng tatlong malalaking isyu na kinakaharap ng ibang mga bansa sa kasalukuyan.
2. Paano mo madadala ang mensahe ng pagsisisi at panunumballik ng Diyos sa ating bansa? Anong mga hakbang ang maari mong gawin para naman sa mga tao sa ibang bansa?

ISULAT ANG IYONG TAPAT AT TAOS-PUSONG PANALANGIN.

# pag-amin

Ibilang ang iyong sarili sa mga kasalanang kailangang ipahayag ng ating bansa. Hingin ang Kanyang kapatawaran at restoration para sa iyong sarili, sa ating bansa, at sa iba pang mga bansa na nararamdaman mong dapat mong ipagdasal. Kilalanin hindi lang ang mga personal na pagkukulang kundi pati na rin ang mga pangkalahatang kasalanan—mga bahagi kung saan tayo tumalikod sa mga pamamaraan ng Diyos, at lumapit sa Kanya nang may pagpapakumbaba at pagsisisi.



ISULAT ANG IYONG TAPAT AT TAOS-PUSONG PANALANGIN.

# pagsamba

Mag-focus sa kung sino ang Diyos (Joel 2:13, 26–27) at i-alay ang iyong pagsamba (adoration) sa Kanya. Pag-isipan ang Kanyang habag, biyaya, katapatan, at kapangyarihang mag-restore. Hayaang mag-reflect ang puso mo sa Kanyang hindi nagbabagong katangian—hindi madaling magalit, sagana sa pagmamahal, at may pangkalahatang kontrol sa lahat—at tumugon nang may paggalang, pasasalamat, at pagkamangha.



## pagsusumamo


Base sa listahan ng mga isyu na isinulat mo sa "IPAMUHAY MO" section, ipagdasal ang Pilipinas at ang 1-2 pang mga bansa na inilalagay ng Diyos sa puso mo. Siguraduhing isama ang ating mga lider sa iba't ibang sangay ng gobyerno, militar, at pulisya. Gamiting gabay sa iyong panalangin ang binasa nating sipi sa Joel.



ISULAT ANG IYONG TAPAT AT TAOS-PUSONG PANALANGIN.

# pagpapasalamat

Pasalamatan natin ang Panginoon sa kanyang ipikakitang katapatan sa mga panalanging kanyang tinugon, and kung paano Niya rin sasagutin ang ating mga panalangin para sa ating bansa (at sa mga ibang bansa) ngayon. Magtiwala na ang Kanyang makapangyarihang kamay ay patuloy na gumagabay sa mga lider at nag-papatupad ng Kanyang mga layunin sa bawat lupain. Nawa'y lumalim ang ating pagtatalaga ng manalangin para sa lahat ng bansa, upang ang Kanyang kapayapaan, katarungan, at kaligtasan ay maihayag sa lahat.





# ang simbahan

## DAY 2

### basahin

MGA GAWA 8:1-8, 12

1 Sinang-ayunan ni Saulo ang pagpatay kay Esteban. Nang araw na iyon,
nagsimula ang matinding pag-uusig laban sa iglesya sa Jerusalem; at maliban
sa mga apostol, ang lahat ng sumasampalataya ay nagkawatak-watak at
napunta sa iba't ibang lugar sa lupain ng Judea at Samaria. 2 Si Esteban nama'y
inilibing ng mga taong may takot sa Diyos at tinangisan nang gayon na lamang.
3 Samantala, sinikap ni Saulo na wasakin ang iglesya; pinasok niya ang mga
bahay-bahay at kanyang kinaladkad at ibinilanggo ang mga sumasampalataya,
maging lalaki o babae.

4 Ipinangaral ng mga mananampalatayang nagkawatak-watak sa iba't ibang
lugar ang Salita saan man sila magpunta. 5 Nagpunta si Felipe sa lungsod ng
Samaria at ipinahayag doon ang Cristo. 6 Nang marinig ng mga tao si Felipe
at makita ang mga himalang ginawa niya, nakinig silang mabuti sa kanyang
sinasabi. 7 Ang masasamang espiritu ay lumabas sa mga taong sinapian nila at
sumisigaw habang lumalabas. Maraming lumpo at pilay ang pinagaling 8 kaya't
nagkaroon ng malaking kagalakan sa lungsod na iyon.

12 Ngunit nang sumampalataya sila nang ipangaral ni Felipe ang Magandang
Balita tungkol sa kaharian ng Diyos at tungkol kay Jesu-Cristo, nagpabautismo
ang mga lalaki't babae.

## MGA TALA

**Mga Pangunahing Talata:**
Mga Gawa 5:12-29; 40-42; 8:1-8, 12

Ipinagpatuloy ng mga apostol ang pagpapahayag ng Magandang Balita (gospel), at maraming himala at kamangha-manghang gawa ang nangyari sa mga tao, kaya mataas ang tingin sa kanila ng publiko. Ipinakulong sila ng mga pinunong panrelihiyon, pero pagkatapos silang iligtas ng isang anghel, patuloy pa rin silang nangaral ng Magandang Balita.

Ang ibang mga mananampalataya naman ay nangalat dahil sa pag-uusig (persecution) sa Jerusalem, at nangaral sila saan man sila magpunta. Kasama rito si Felipe na pumunta sa Samaria at gumawa ng mga makapangyarihang bagay doon, tulad ng pagpapagaling ng mga may-sakit at pagpapalayas ng mga masasamang espiritu, na nagdulot ng malaking kagalakan sa lungsod. Higit sa lahat, sumampalataya ang mga tao kay Jesus at nagpabautismo.

.



# pagnilayan ito

1. Anong gawain ang pinagtuunan ng pansin ng mga apostol at ng mga unang mananampalataya? Ano ang naging resulta? (Basahin ang Gawa 5:12-29, 40-42)
2. Kusa bang umalis ng Jerusalem palabas ng lungsod ang mga mananampalataya para mangaral ng salita ng Diyos? Ano ang ginamit ng Diyos para mapilitan silang pumunta sa Judea at Samaria? Note: Basahin at balikan ang Gawa 1:8 para sa iniutos ni Jesus na gawin ng Kanyang mga tagasunod.
3. Ano ang nangyari sa mga mananampalatayang (kasama si Felipe) nangaral ng salita ng Diyos kung san man sila magpunta? (Basahin ang Gawa 8:6-8, 12)



MGA TALA

## ipamuhay ito

1. Suriin kung ano ang pinagtutuunan mo ngayon ng pansin bilang isang tagasunod ni Cristo sa siglong ito. Alinsunod ba ito sa orihinal na plano ni Cristo para sa iglesya?
2. Gumawa ng isang simpleng plano kung paano ang iyong sarili, pamilya, at/o Dgroup mo ay makakabahagi ng ebanghelyo san man kayo naroroon.
3. Anong step of faith ang gagawin mo ngayong taon para lumabas sa iyong "Jerusalem" at matulungang maabot ng gospel ang iyong mga spheres of influence ("Judea and Samaria")?

## pag-amin

Magpakumbaba sa harap ng Panginoon, i-confess ang anumang "sin of omission" kung saan ikaw, ang iyong pamilya/Dgroup, at ang ating iglesya ay nagkulang o umiwas sa pag-share kay Cristo sa iba. Magsisi sa anumang kaugalian ng pagiging kampante (complacency) at kawalan ng pakialam sa mga prayoridad ng Diyos para sa atin (evangelism, pagdi-disciple, etc.) I-confess din ang iba pang mga kasalanan ng ating iglesya na ipapakita sa iyo ng Banal na Espiritu.



# pagsamba

Sambahin ang Panginoon sa pamamagitan ng pagbibigay sa Kanya ng lahat ng kaluwalhatian at kapurihan sa kung paano Niya ginamit ang iglesya sa nakalipas na 2,000 taon para maging makapangyarihang saksi Niya sa mundo (kahit sa gitna ng matitinding pagsubok).

Ipahayag ang lahat ng Kanyang mga kahanga-hangang gawa sa sarili mong buhay, at sa buhay ng iba pang mga mananampalataya sa buong kasaysayan (Gawa 5:19-20, Gawa 8:6-8, 12). Ang Makapangyarihang Panginoon lamang ang karapat-dapat sa ating pagsamba!

ISULAT ANG IYONG TAPAT AT TAOS-PUSONG PANALANGIN.

ISULAT ANG IYONG TAPAT AT TAOS-PUSONG PANALANGIN.

## pagsusumamo

Taimtim na ipagdasal ang ating iglesya, at ang pandaigdigang iglesya (worldwide church) na bumalik (o manatili) sa orihinal nitong tawag na maging saksi ni Cristo sa mundo. Ipagdasal na ang iyong pamilya at Dgroup ay maging mas aktibo sa personal evangelism saan man sila magpunta. Ipagdasal na sumunod ang iglesya sa Great Commission ni Cristo nang kusa, at huwag nang hintayin ang matinding pag-uusig (persecution) para lang mapakilos silang dalhin ang gospel sa mga bansa.



ISULAT ANG IYONG TAPAT AT TAOS-PUSONG PANALANGIN.

## pagpapasalamat

Mag-alay ng pasasalamat at papuri para sa makapangyarihang sagot ng Banal na Espiritu sa mga panalangin upang ang mga tao mula sa lahat ng bansa ay makipagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo. Sa pamamagitan ng pananampalataya, pasalamatan na agad ang Panginoon ng Pag-aani (Lord of the Harvest) sa kung paano Siya patuloy na magpapadala ng mga manggagawa sa buong mundo para umani ng mga kaluluwa para sa Kanyang kaharian.



# paghilom

## DAY 3

### basahin

JUAN 5:2–15

2 Sa lungsod na ito, malapit sa Pintuan ng mga Tupa ay may malaking imbakan ng
tubig na may limang portiko. Kung tawagin ito sa wikang Hebreo ay Bethzata. 3
Nasa paligid nito ang maraming maysakit, mga bulag, mga pilay, at mga paralitiko. [4
Sila'y naghihintay na gumalaw ang tubig, dahil may panahong ang isang anghel ng
Panginoon ay bumababa at pinapagalaw ang tubig, at ang maunang lumusong sa tubig
matapos na ito'y gumalaw ay gumagaling sa anumang karamdaman.] 5 May isang lalaki
doon na tatlumpu't walong taon nang may sakit. 6 Nakita siya ni Jesus at alam niyang
matagal nang may sakit ang lalaki kaya't tinanong niya ito, “Gusto mo bang gumaling?”
7 Sumagot ang maysakit, “Ginoo, wala pong maglulusong sa akin kapag gumalaw na
ang tubig; papunta pa lamang ako, may nauuna na sa akin.” 8 Sinabi sa kanya ni Jesus,
“Tumayo ka, buhatin mo ang iyong higaan at lumakad ka.” 9 Noon di'y gumaling ang
lalaki, binuhat ang kanyang higaan, at lumakad.

Noo'y Araw ng Pamamahinga 10 kaya't sinabi ng mga pinuno ng mga Judio sa lalaking
pinagaling, “Araw ng Pamamahinga ngayon! Labag sa Kautusan na dalhin mo ang
iyong higaan.” 11 Ngunit sumagot siya, “Ang nagpagaling po sa akin ang nagsabing
buhatin ko ang aking higaan at lumakad ako.” 12 At siya'y tinanong nila, “Sino ang nagsabi
sa iyong buhatin mo ang iyong higaan at lumakad ka?” 13 Ngunit hindi alam ng lalaki kung
sino ang nagpagaling sa kanya, sapagkat maraming tao sa lugar na iyon at nakaalis na
si Jesus. 14 Pagkatapos nito, nakita ni Jesus sa loob ng Templo ang lalaki at sinabihan
itong, “Magaling ka na ngayon! Huwag ka nang gumawa ng kasalanan at baka masahol
pa riyan ang mangyari sa iyo.” 15 Umalis ang lalaki at sinabi sa mga Judio na si Jesus ang
nagpagaling sa kanya.

## MGA TALA

**Mga Pangunahing Talata:**
Juan 5:2–15

Ito ang talata tungkol sa pagpapagaling na ginawa ni Jesus sa Pool ng Bethesda. Isang lalaki na may sakit sa loob ng 38 taon ang nakahiga sa tabi ng pool, kasama ang marami pang ibang may-sakit. Naghihintay siya na galawin ng anghel ang tubig para mauna siyang lumusong at mapagaling. Pero hindi siya nagtatagumpay sa mga subok niya dahil wala siyang kasama na tumutulong sa kanya. Dumating si Jesus at tinanong siya kung gusto niyang gumaling, at pinagaling siya doon mismo. Sa kanilang ikalawang pagkikita sa templo, nagbabala si Jesus sa lalaki na huwag nang magkasala, kundi ay may mas masahol pang mangyayari sa kanya. Pagkatapos nito, ibinalita ng lalaki sa lahat na si Jesus ang nagpagaling sa kanya.



# pagnilayan ito

1. Paano mo ilalarawan ang kalagayan (condition) ng lalaki sa Pool ng Bethesda bago niya nakatagpo si Jesus? Sa palagay mo, bakit tinanong pa rin siya ni Jesus kung gusto niyang gumaling? (vv. 3-5, 7)
2. Sa palagay mo, bakit inutusan ni Jesus ang lalaki na "Tumayo ka, buhatin mo ang iyong higaan at lumakad ka," sa halip na sabihin na lang na pinagaling na siya?
3. Bakit hinanap pa ni Jesus ang lalaki (at pinuntahan sa templo) pagkatapos nitong mapagaling sa pisikal? (vv. 14-15)



MGA TALA

# ipamuhay ito

1. Sa iyong pananalangin, paano mo ilalarawan sa Panginoon ang kasalukuyan mong kalagayan sa pisikal, emosyonal, at espirituwal?
2. Sa paglapit mo sa presensya ni Jesus ngayon, ano ang isasagot mo kung tanungin Ka Niya, "Gusto mo bang gumaling?"
3. Tandaan na may dalawang utos si Jesus sa lalaki (vv. 8, 14). Mayroon bang bagay na ipinapagawa sa iyo ang Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, habang nagtitiwala ka kay Jesus para sa iyong paggaling?

ISULAT ANG IYONG TAPAT AT TAOS-PUSONG PANALANGIN.

# pag-amin

Bilang tugon sa utos ni Jesus na "...huwag ka nang magkasala," lumapit nang may pagpapakumbaba sa Panginoon at i-confess ang anumang kasalanan na ipinapakita sa iyo ng Banal na Espiritu. Isama rito ang mga sins of commission (mga maling nagawa mo) o sins of omission (mga utos ng Diyos na nakaligtaan mong sundin). Mag-reflect din kung may mga taong nakasakit sa iyo na hindi mo pa pinapatawad; i-confess ang anumang unforgiveness, pait, o galit sa Diyos at sa kapwa na baka kinikimkim mo sa iyong puso. Pakawalan ang kapatawaran sa sinumang nagkasala o nakasakit sa iyo. Baka kailangan mo ring patawarin maging ang sarili mo.



ISULAT ANG IYONG TAPAT AT TAOS-PUSONG PANALANGIN.

# pagsamba

Pumasok sa Kanyang mga pintuan na may pasasalamat, at sa Kanyang mga looban na may pagpupuri! Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang kabutihan sa pamamagitan ng mga sinagot na panalangin para sa healing noon, atbp. Purihin ang Diyos sa Kanyang kadakilaan—Siya ang ating Makapangyarihang Lumikha, at si Jesus ang ating mahabaging Tagapagpagaling. Tulad ng ginawa Niya sa lalaki sa Pool ng Bethesda, lumalapit si Jesus sa atin kasama ang Kanyang nagpapagaling na Presensya kapag tayo ay lubos na nanghihina at nag-iisa. Tumugon sa Kanya sa pamamagitan ng pagyuko o pagluhod nang tahimik sa harap ng ating Banal na Diyos, sa isang saloobin ng pagsamba.

ISULAT ANG IYONG TAPAT AT TAOS-PUSONG PANALANGIN.

# pagsusumamo

Humingi ng tulong kay Jesus mula sa iyong puso; gusto Niyang malaman kung ano ang laman ng ating mga puso ("Gusto mo bang gumaling?"). Magtiwala kay Jesus lamang, at matapos malinis mula sa ating mga kasalanan, buong-tapang na lumapit sa Kanyang trono ng biyaya. Hilingin kay Jesus na pagalingin ka at ang iba mo pang kakilala na may sakit sa pisikal, emosyonal, o mental. Ipagdasal din ang kanilang espirituwal na kagalingan—ang kanilang kaligtasan sa pamamagitan ni Jesus.



ISULAT ANG IYONG TAPAT AT TAOS-PUSONG PANALANGIN.

## pagpapasalamat

Bilang patunay ng iyong buong pagtitiwala kay Jesus bilang ating Tagapagpagaling, pasalamatan mo na Siya ngayon sa kung paano Niya sinasagot ang iyong mga panalangin para sa kagalingan. Pasalamatan Siya para sa Banal na Espiritu na nananahan sa atin, na sa pamamagitan ng Kanyang natatangi at dakilang kapangyarihan ay muling bumuhay kay Jesus mula sa libingan, at sa pamamagitan ng parehong kapangyarihan ay nagbibigay-buhay sa ating mga mortal na katawan (Roma 8:11).

# DAY 4



# ganap na tagumpay

## basahin

2 MGA HARI 5:1-19a

[1] Sa Siria ay may isang pinuno ng hukbo na nagngangalang Naaman. Mataas ang
pagtingin sa kanya ng hari sapagkat sa pamamagitan niya'y pinapagtatagumpay
ni Yahweh ang Siria sa mga labanan. Si Naaman ay isang magiting na mandirigma
ngunit siya'y may sakit na ketong. [2] Minsan, ang mga taga-Siria ay nakabihag ng isang
dalagitang Israelita. Naging katulong ang dalagitang ito ng asawa ni Naaman. [3] Sinabi nito
sa kanyang panginoon, “Kung ang asawa ninyo ay lalapit sa propeta na nasa Samaria,
tiyak na pagagalingin siya niyon.” [4] Nang marinig ito ni Naaman, pumunta siya sa hari at
ibinalita ang sinabi ng dalagitang Israelita.

[5] Sinabi naman ng hari, “Sige, pumunta ka at magpapadala ako sa iyo ng sulat para sa
hari ng Israel.” Pumunta nga si Naaman na may dalang 350 kilong pilak, anim na libong
pirasong ginto at sampung magagarang kasuotan. [6] Dala rin niya ang sulat para sa hari
ng Israel. Ganito ang sabi sa sulat: “Mahal na hari, ang may dala nito'y si Naaman na aking
lingkod. Nais ko sanang pagalingin mo siya sa kanyang ketong.”

[7] Nang mabasa ito ng hari ng Israel, pinunit niya ang kanyang damit at sinabi, “Ako ba'y
Diyos na maaaring pumatay at bumuhay? Bakit sa akin niya pinapunta ang taong ito
para pagalingin sa kanyang sakit? Baka naman humahanap lang siya ng dahilan para
magdigmaan kami?”

[8] Nang mabalitaan ni Eliseo ang ginawa ng hari, ipinasabi niya, “Bakit kayo nababahala?
Papuntahin ninyo siya sa akin upang malaman nilang may propeta rito sa Israel.”

[9] Nalaman ito ni Naaman kaya sumakay siya sa kanyang karwahe, at pumunta sa bahay
ni Eliseo, kasama ang marami niyang kawal na nakasakay sa kabayo at mga karwahe.

## MGA TALA

**Mga Pangunahing Talata:** 2 Mga Hari 5:1-19a

Si Naaman ay hindi isang Israelita; siya ay ang lubos na iginagalang at matagumpay na kapitan ng hukbo ng hari ng Aram. Noong una ay mayabang o proud si Naaman, pero nang magpakumbaba siya at tinanggap ang healing sa pamamagitan ng propetang si Eliseo (Elisha), si Naaman ay naging isang taga-samba ng Diyos ng Israel.

10 Ipinasabi sa kanya ni Eliseo: "Pumunta ka sa Ilog Jordan. Lumubog ka ng pitong beses
at magbabalik sa dati ang iyong katawan. Gagaling ang iyong ketong."

11 Nang marinig ito, galit na umalis si Naaman. Sinabi niya, "Akala ko pa nama'y sasalubungin
niya ako, tatayo sa harap ko, tatawagan ang Diyos niyang si Yahweh, at ikukumpas ang
kanyang mga kamay sa tapat ng aking ketong at ako'y pagagalingin. 12 At bakit hindi na
lang sa mga ilog ng Damasco tulad ng Abana at ng Farfar na mas malinis kaysa alinmang
ilog sa Israel? Hindi ba puwedeng doon na lang ako maligo para gumaling?"

13 Ngunit lumapit sa kanya ang kanyang mga lingkod at sinabi, "Ginoo, kung mas mahirap
pa riyan ang ipinagagawa sa inyo ng propeta, di ba't gagawin ninyo iyon? Gaano pa iyang
pinaghuhugas lang kayo para luminis?" 14 Kaya, pumunta rin si Naaman sa Ilog Jordan, at
naglublob ng pitong beses gaya ng ipinagbibilin ng propetang si Eliseo. Nagbalik nga sa
dati ang kanyang laman at kuminis ang kanyang balat, tulad ng kutis ng bata.

15 Si Naaman at ang kanyang mga kasama ay bumalik kay Eliseo. Sinabi niya, "Ngayo'y
napatunayan kong walang ibang diyos sa ibabaw ng lupa kundi ang Diyos ng Israel.
Narito, pagdamutan ninyo itong aking nakayanan."


16 Ngunit sinabi ni Eliseo, "Saksi si Yahweh, ang buháy na Diyos na aking pinaglilingkuran,
hindi ako tatanggap ng kahit ano." Pinilit siya ni Naaman ngunit talagang ayaw niyang
tumanggap.

17 Dahil dito, sinabi ni Naaman, "Kung ayaw ninyo itong tanggapin, maaari po bang mag-
uwi ako ng lupa mula rito? Kakargahan ko ng lupa ang aking dalawang mola. Mula
ngayon, hindi na ako mag-aalay ng handog na susunugin sa sinumang diyos liban kay
Yahweh. 18 At sana ay patawarin niya ako sa gagawin ko. Kasi, pagpunta ng aking hari sa
Rimon upang sumamba, isasama niya ako at kasama ring luluhod. Sana'y patawarin ako
ni Yahweh sa aking pagluhod sa templo sa Rimon."

19 Sinabi sa kanya ni Eliseo, "Humayo kang payapa."

# pagnilayan ito

1. Ano ang ugali o kalagayan ni Naaman bago niya naranasan ang kanyang personal breakthrough (ang paggaling sa pamamagitan ng propetang si Eliseo at ang pagiging taga-samba ng Diyos ng Israel)? (vv. 1, 9-12)
2. Ano ang naging papel ni Eliseo sa paggaling ni Naaman? Ano ang kailangang gawin ni Naaman para maranasan ang isang personal breakthrough (paggaling mula sa isang sakit na walang lunas)? (v. 14)
3. Ano ang naging tugon ni Naaman matapos niyang maranasan ang pagkilos ng Diyos sa kanyang buhay na nagdala ng kanyang personal breakthrough? (vv. 15-19)



MGA TALA

# ipamuhay ito

1. Ang naging unang tugon ni Naaman ay puno ng pagmamataas. Sa anong paraan ka nagiging mapagmataas? Mayroon bang ibang hindi magandang ugali na baka humahadlang sa pagpapala ng Diyos o sa sagot sa iyong mga panalangin?
2. Anong mga sitwasyon (o mga tao) sa buhay mo ang ginagamit ng Diyos ngayon para turuan ka ng pagpapakumbaba?
3. Anong personal breakthrough ang ipinapanalangin mo ngayon? Sa anong mga paraan mo kailangang magpakumbaba sa harap ng Diyos habang hinahanap mo Siya para sa breakthrough na ito?

ISULAT ANG IYONG TAPAT AT TAOS-PUSONG PANALANGIN.

# pag-amin

Maglaan ng oras ngayon para i-confess ang anumang personal na ambisyon, pride, at pagiging makasarili (self-centeredness) na pinanghahawakan mo, na pumipigil sa iyo na lumago sa pagpapakumbaba at humahadlang sa iyong personal breakthrough mula sa Panginoon. Magsisi sa anumang kawalan ng pakialam o paglaban sa ginagawa ng Diyos sa iyong mga sitwasyon at mga relasyon sa buhay.



ISULAT ANG IYONG TAPAT AT TAOS-PUSONG PANALANGIN.

# pagsamba

Purihin ang Panginoon na Siyang Sovereign, Makapangyarihan sa lahat, Nakaaalam sa lahat, at Kasama natin kahit saan (Omnipresent), na kumikilos sa iyong buhay para magdala ng mga personal breakthrough. Balikan ang iyong pagninilay sa karanasan ni Naaman sa Diyos. Sambahin ang Panginoon ayon sa kung paano Niya ipinakilala ang Kanyang sarili sa iyo sa pamamagitan ng Kasulatan.

ISULAT ANG IYONG TAPAT AT TAOS-PUSONG PANALANGIN.

## pagsusumamo

Hingin ang supernatural na interbensyon ng Diyos para sa isang breakthrough sa iyong mga sitwasyon o mga relasyon. Alalahanin kung paano ka Niya ginabayan para dalhin ka kung nasaan ka man ngayon. Humingi ng karunungan para sa tamang tugon upang makamit mo ang iyong personal breakthrough. Ipagdasal din ang iba pang mga kakilala mo na kailangang-kailangan ang pagkilos ng Diyos para sa kanilang sariling mga breakthrough.



## pagpapasalamat

Tapusin ang iyong panalangin nang may pasasalamat sa Diyos na sumasagot pa rin ngayon tulad ng panahon sa Biblia, at ipahayag na Siya lamang—ang Triune God—ang karapat-dapat sa lahat ng kapurihan. Tulad ni Naaman, panindigan na walang ibang Diyos maliban sa Kanya, at pasalamatan Siya sa bawat pagpapala, kasama na ang breakthrough na matagal mo nang ipinapanalangin.

# gabay sa hapunan ng Panginoon

**Basahin:** 1 Corinto 11:23-29

*Para sa nanonood online:*
MAGHANDA NG TINAPAY AT JUICE

## BAKIT NATIN PINAGDIRIWANG ANG LORD'S SUPPER?

- Ito ay isang simbolikong pagkain na itinatag ng ating Panginoong Jesus bilang paalala ng Kanyang ginawa para sa atin. Dapat nating ipagdiwang ito nang madalas at alalahanin si Hesus dahil sa papamagitan nito, naipapahayag natin ang Kanyang kamatayan hanggang sa muling pagdating Niya (v. 26)
- Bago pinaghati-hati ni Jesus ang tinapay at ipinasa ang kopa, sinasabi ng Salita na si Jesus ay nagpasalamat (v.24). Si Jesus ay nagpapasalamat sa pagkakataong tayo'y pagsilbihan sa pamamagitan ng pag-aalay Niya ng Kanyang katawan at dugo para sa ating kapakanan.

## ANO BA ANG SINISIMBOLO NG TINAPAY AT ALAK (SA KASO NATIN, NG JUICE)?

- Ang tinapay ay sumisimbolo sa katawan ni Jesus na siyang umako ng pasakit na dapat ay para sa atin (v.24).
- Ang juice ay sumisimbolo sa dugo ni Jesus na inalay para sa atin sa Bagong Tipan (v.25)
- Hindi natin itinuturo na ang tinapay ay literal na nagiging katawan ni Cristo o di kaya'y ang alak o juice ay literal din na nagiging dugo Niya.
- Sa halip, ating ipinapahayag na ang mga elementong ito ay naglalarawan sa ating Panginoon, kung sino Siya at kung ano ang Kanyang mga nagawa.
- Sa gayon, ang ating pakikibahagi sa mga elementong ito ay isang simbolikong pagpapahiwatig ng ating pananampalataya sa Kanya at natupad Niyang gawain sa mundo.

## ANO BA ANG TAMANG SALOOBIN BAGO TAYO MAKIBAHAGI SA LORD'S SUPPER?

- Dapat ay maging mapagpasalamat at kumilala ng utang na loob sa tuwing tayo'y tatanaw sa nakaraan at sa kasalukuyan.
- Bigyan-tanaw ang nakaraan at magpasalamat sa Panginoong Jesus para:
    - sa Kanyang libreng regalo na kaligtasaan at sa kapatawaran ng ating mga kasalanan
    - sa Kanyang mga katangian (katapatan, mapagpatawad, kagandahang-loob, banal, mapagmahal, hindi nagbabago)
    - sa ating pagkakakilala sa Kanya (Diyos, Panginoon, Tagapagligtas)
    - mga pagpapala tulad ng ating pamilya (asawa, mga anak, mga magulang, kapamilya), sa pagtugon sa ating mga pangangailangan, atbp. (tulad ng pagbilang ng mga pagpapalang inyong natanggap)
    - mga pagkakataong makapaglingkod sa Kanya at sa Kanyang mga alagad (pamilya, kaibigan, simbahan)
- Tumanaw sa kasalukuyan at magpasalamat sa Panginoong Jesus sa mga pagpapala na ikaw ay buhay pa ngayon, at sa kaloob Niyang mga relasyon (biolohikal at espiritwal na pamilya, mga kaibigan, Dgroups)
    - sa kung paano Niya sasagutin ang iyong mga dasal
    - kung paano Niya tayo gagabayan sa taong ito, (indibidwal, bilang isang pamilya, bilang isang bansa)
    - ang pangako na Siya ay babalik muli
- Gumugol ng oras para makapagnilay-nilay

**Kumain ng tinapay at juice at isara sa panalangin**



# mga panalangin

## MGA BANSA

1. Ipanalangin natin ang awa ng Diyos sa atin—na palambutin at pababain Niya ang puso natin para makita natin ang kailangan natin kay Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas. At na bigyan Niya ng tapang ang mga tagasunod Niya para maipahayag ang gospel sa lahat ng bansa nang may pagmamahal at malasakit
2. Ipanalangin ang intervention ng Diyos sa mundo—para mapanatili ang maayos na ekonomiya, kapayapaan, kaayusan, at respeto sa buhay. Na kahit magulo at uncertain ang panahon ngayon, mamuhay pa rin ang mga tao nang maayos at may takot sa Diyos
3. Kapayapaan para sa mga bansang puno ng gulo, digmaan, at matinding kahirapan
4. I-anoint at protektahan ng Diyos ang Kanyang mga manggagawa sa iba't ibang bansa, kasama ang CCF Beyond at International Ministry Partners—na manatili silang matatag at ligtas kahit may persecution, at magpatuloy sa pag-share ng gospel at paggawa ng disciples para kay Cristo

## ANG PILIPINAS

5. Ipanalangin na matuto tayong mahalin ang Diyos at ang isa't isa tulad ng pagmamahal ni Cristo sa atin. Nawa makilala ng bawat Pilipino si Jesus at makilala sila bilang mga taong nagmamahal sa Kanya
6. Ipanalangin ang mga kasalukuyang lider ng bansa — na hanapin nila ang Panginoon at sundin ang Kanyang kalooban sa mga usaping kinakaharap ng ating bansa
7. Ipanalangin ang ating mga lider na panindigan ang Biblical values at maging ehemplo ng maka-Diyos na karakter, kakayahan, hustisya, accountability, at malasakit sa pamilya. Na maglingkod sila nang may integridad, karunungan, katapatan, proteksyon, at gabay ng Diyos:
   - Ang Presidente, Bise Presidente, cabinet members, at advisers
   - Mga Senador at Kongresista
   - Chief Justice at lahat ng justices
   - Military at Police force
   - Mga local government at barangay officials
8. Ipanalangin na mabunyag ang corruption at mapanagot ang lahat ng sangkot. Para magkaroon ng tunay na pagbabago sa sistema ng gobyerno at manaig ang katuwiran, hustisya, kapayapaan, at pag-unlad ng ekonomiya ng bansa
9. Ipanalangin ang kamay ng Diyos sa mga malalaking issue ng bansa gaya ng: ekonomiya, illegal drugs, corruption, human trafficking at forced labor, pagkasira ng pamilya at absentee parents, moral decline, idolatry at materialism, pornograpiya,

sexual promiscuity, LGBTQIA+ agenda, pagtaas ng HIV cases, teenage pregnancy, gender confusion, screen addiction, traffic problems, at mga panukalang batas o batas na laban sa Salita at kalooban ng Diyos

10. Ipanalangin na mas marami pang Pilipino mula sa iba't ibang antas ng buhay ang maligtas at magkaroon ng tunay na takot at paggalang sa Panginoon

## ANG ATING IGLESIA

1. Ipanalangin na ang mga leaders at members ng CCF ay makilala sa pagmamahal nila sa Diyos at sa kapwa—sa pamamagitan ng purity, holiness, humility, brokenness, at integrity
2. Katapatan sa pagtupad ng mission ng Diyos para sa CCF—ang magbigay-luwalhati sa Diyos at gumawa ng Christ-committed followers na gagawa rin ng Christ-committed followers
3. Ipanalangin si Pastor Peter Tan-Chi at ang kanyang pamilya—para sa holiness, intimacy with the Lord, wisdom, at lakas sa pamumuno sa CCF movement; na lagi silang mapuspos ng Banal na Espiritu
4. Ipanalangin ang CCF elders, pastors, ministry servant leaders, church planters, Dgroup leaders, missionaries, campus workers, staff, at volunteers—na maging passionate sila sa paglilingkod sa Diyos; magkaroon ng holiness, mabuting kalusugan, protection, spiritual growth, intimacy with the Lord, at mapuspos at magabayan ng Holy Spirit bilang mga taong may moral excellence at integrity. Ipanalangin ang bawat isa sa page na ito: ccf.org.ph/meet-the-team/
5. Ipanalangin na maging epektibo ang CCF sa evangelism at discipleship—at na bawat member ay maging bahagi ng movement sa pag-abot sa kanilang pamilya, kamag-anak, at personal networks gamit ang gospel
6. Na maging devoted sa prayer ang mga CCF members at patuloy na mapuspos ng Banal na Espiritu
7. Ipanalangin din ang Elevate na maabot ang younger generation sa pamamagitan ng ministries nito sa mga high school, college, at universities sa buong bansa

## PAMILYA

1. Para sa Christ-centered families
2. Ang mga husband ay mahalin ang kanilang wives at maging spiritual leaders ng tahanan
3. Ang mga wife ay magbigay respeto at support sa kanilang husbands
4. Na maging mabuting halimbawa ang mga tatay at nanay ng Christ-like behavior sa kanilang mga anak, at maging intentional sila sa pagdi-disciple sa kanila
5. Para sa mga anak—na sumunod, gumalang, at magbigay-honor sa kanilang mga magulang
6. Para sa kapatawaran at restoration ng relationships—na mamuhay ang mga pamilya nang may pagmamahalan, respeto, at pagkakaisa habang sabay na naglilingkod sa Diyos at sa iba
7. Kaligtasan ng buong pamilya at mga kamag-anak

## PINANSYAL

1. Para sa paglago ng business, career, at profession
2. Kalayaan mula sa pag-ibig sa salapi (kasakiman) at materyalismo
3. Kalayaan mula sa pagkakautang at maayos na stewardship ng resources na bigay ng Diyos
4. Pusong mapagpasalamat at masayang nagbibigay ayon sa patnubay ng Diyos

## PAGHILOM

1. Ipanalangin ang kagalingan ng Diyos para sa mga may sakit at mahihina sa pisikal, mental, emosyonal, at espiritwal na kalagayan
2. Para sa mga pusong nagpasakop, kagalingan mula sa sakit at sugat, at kakayahang magtiwala sa mga pangako ng Diyos

## GANAP NA TAGUMPAY

1. Spiritual revival—na mas makilala pa natin ang Diyos nang mas malalim at mamuhay upang Siya ay bigyang-kasiyahan at karangalan
2. Ma-develop ang Christ-like character sa pamamagitan ng pagpupuspos ng Banal na Espiritu at paglabas ng fruit of the Spirit: pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, kagandahang-loob, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili
3. Pisikal na kagalingan at balanseng buhay—patuloy na lumago sa karunungan, pangangatawan, at pabor mula sa Diyos at sa mga tao
4. Breakthrough laban sa kasalanan at masasamang gawi
5. Gabay at pangunguna ng Banal na Espiritu pagdating sa ministeryo at mga pagkakataon sa paglilingkod

## MGA IBA PANG BAGAY NA PERSONAL NA PAPANALANGIN

*(ipanalangin ang iyong personal na mga petisyon)*

# how did God answer your prayer?

**SHARE YOUR STORY AND POINT PEOPLE TO CHRIST**

tag us online **#CCFAnsweredPrayer**

e-mail us **questions@ccf.org.ph** **testimonies@ccf.org.ph**

write to us **write your answered prayers on a tithe envelope and drop it in the tithe box**

ccf

# PRAY O'CLOCK

**EVERY FRIDAY** 12:00 NN to 1:00 PM

*PH TIME*

Join us **LIVE** or watch **ON DEMAND** after the livestream

/ccfmainTV

ccfmain

**go.ccf.org.ph/POC2026**

MEETING ID: 928 8374 2198

PASSWORD: prayer

# manalangin para sa isa't isa

ISULAT ANG KAHILINGAN SA PANALANGIN NG IBA O ANG IYONG TAOS-PUSONG PANALANGIN PARA SA KANILA.

Una sa lahat, ipinapakiusap kong idulog ninyo sa Diyos ang inyong mga kahilingan, panalangin, pagsamo, at pasasalamat para sa lahat ng tao.

**1 TIMOTEO 2:1**



CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP

(02) 8866-9900

questions@ccf.org.ph

ccf.org.ph

facebook.com/CCFmain

instagram.com/CCFmain

youtube.com/CCFmainTV

C5 corner Ortigas Avenue,
Ortigas East, Pasig City